



25 Mayo 2025

Ika-6 na Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

Taon K

Pag-ibig at Pananatili sa Pag-asa

Naaisip pa lang natin ang napipintong paglisan ng isang taong mahal natin ay napupuno na tayo agad ng kalungkutan. Ganito rin ang nangyari sa mga disipulo, pagkatapos nilang malaman kay Hesus na hindi na nila siya makikita. Ngunit tiniyak ng Panginoon sa kanila na ang PAG-IBIG niya ang magpupuno sa kanyang paglisan at magbibigay sa kanila ng lakas at kapayapaan. Tiniyak niya ang kaniyang patuloy na pananatili.

Pagkalipas ng dalawang libong taon, batid nating totoo ang kanyang sinabi. Siya ay laging narito sa Simbahan ang kanyang Katawang Mistiko. Tunay ngang kapiling natin siya sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya. Buksan natin ang ating mga puso sa pagtanggap ng pag-ibig ng Banal na Santatlo sa pamamagitan niya at suklian ito ng pagpupugay ng ating pag-ibig, diwa ng pag-asa at katapatan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Buong galak na ilahad upang marinig ng lahat ang ginawang pagliligtas ng Panginoong malakas. Aleluya ang ihayag!

(Isa 48:20)

Pagbati

P– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

B– Amen!

P– Ang biyaya ng Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Mga kapatid, tinipon tayo bilang mga kaanib ng angkan

ng Diyos, kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatwad nang lubos. (Manahimik sandali.)

P–Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Dumating na Tagapag-anyayang mga makasalana’y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, gawin mong sa masasayang araw na ito ng aming pagdiriwang sa pagkabuhay ni Kristo kami’y makaganap ng pagdiriwang na wagas upang ang aming ginugunita ay lagi naming matupad sa gawa sa pamamagitan ni Hesus-kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gw 15:1-2, 22-29*

Sa Simbahan man ay di laging maayos ang lahat. Maaari ring magkaroon ng ‘di pagkakasundo sa mga kasaping mabuti ang layunin. Makikita natin sa pagbasang ito kung paanong nilutas ng matandang Simbahan ang mga gayong problema.

L—Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, may ilang taong dumating sa Antioquia, mula sa Judea, at itinuro sa mga kapatid ang ganito: “Kapag hindi kayo nagpatuli ayon sa Kautusan ni Moises, hindi kayo maliligtas.” Tinutulan ito nina Pablo at Bernabe at naging mainitan ang kanilang pagtatalo tungkol dito. Kaya’t napag-kaisahang papuntahin sa Jerusalem sina Pablo at Bernabe at ang ilan pang kapatid sa Antioquia, upang makipagkita sa mga apostol at sa matatanda tungkol sa suliraning ito.

Kaya’t minabuti ng mga apostol, ng matatanda, at ng buong Simbahan na pumili ng ilan sa kanila upang suguin sa Antioquia, kasama nina Pablo at Bernabe. At sinugo nila ang mga pangunahin ng mga kapatid: si Judas na tinatawag na Barsabas, at si Silas. Ipinadala nila ang sulat na ganito ang nilalaman: “Kaming mga apostol at matatanda ay bumabati sa mga kapatid na Hentil sa Antioquia, sa Siria at Cilicia. Nabalitaan naming ginugulo kayo ng ilang kasamahang galing dini, bagamat hindi namin sila inutusan. Di-umano’y binabagabag kayo

sa pamamagitan ng kanilang sinasabi. Kaya’t napagkaisahan naming magpadala sa inyo ng mga sugo. Kasama sila ng ating minamahal na Bernabe at Pablo, na di nag-atubiling itaya ang kanilang buhay sa paglilingkod sa ating Panginoong Hesus-kristo.

Sinusugo nga namin sa inyo sina Judas at Silas upang ipaliwanag sa inyo ang nasasaad sa sulat na ito. Sa udyok ng Espiritu Santo, ang naging pasiya namin ay huwag na kayong atangan ng iba pang pasanin maliban sa mga bagay na talagang kailangan: huwag kayong kakain ng anumang inihandog sa mga diyus-diyusan, ng dugo, at ng hayop na binigti. Huwag kayong makikiapid. Layuan ninyo ang mga bagay na ito, at mapapabuti kayo. Paalam.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 67*

B—Nawa’y magpuri sa iyo ang lahat ng mga tao!

R. M. Velez



* O Diyos, pagpalain kami’t kaba-bagan, kami Panginoon’y iyong kawaan, upang sa daigdig mabatid ng lahat ang iyong kalooban at ang pagliligtas. *B.*

* Nawa’y purihin ka ng mga nilikha, pagkat matuwid kang humatol sa madla; ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa. *B.*

* Purihin ka nawa ng lahat ng tao, purihin ka nila sa lahat ng dako. Ang lahat sa ami’y iyong pinagpala. Nawa’y igalang ka ng lahat ng bansa. *B.*

Ikalawang Pagbasa *Pah 21:10-14, 22-23*

Ang “Bagong Jerusalem” na inilalarawan ni Juan sa pagbasang ito ay ang Simbahang sandigan ng mga apostol at tagapagmana ng bayang Israel.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Pahayag

Nilukuban ako ng Espiritu, at inihatid ako ng anghel sa ibabaw ng isang napakataas na bundok. Ipinakita niya sa akin ang Jerusalem, ang Banal na Lunsod, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

Nagliliwanag ito dahil sa ka-ningningan ng Diyos; kumikislap na gaya ng hiyas na haspeng sinlinaw ng kristal. Ang pader nito’y makapal at mataas at may labindalawang pinto, bawat isa’y may bantay na anghel. Nakasulat sa mga pinto ang pangalan ng labindalawang lipi ng Israel. Tatlo ang pinto ng bawat panig: tatlo sa silangan, tatlo sa timog, tatlo sa hilaga, at tatlo sa kanluran. Ang pader ng lunsod ay may labindalawang saligang-bato at nakasulat dito ang pangalan ng labindalawang apostol ng Kordero.

Napansin ko na walang templo sa lunsod sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ang pinakatemple roon. Hindi na kailangan ang araw o ang buwan upang liwanagan ang lunsod pagkat ang kaningningan ng Diyos ang nagbibigay-liwanag doon, at ang Kordero ang siyang ilawan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya *Jn 14:23*

B—Aleluya! Aleluya!

Ang sa aki’y nagmamahal, tutupad sa aking aral, Ama’t ako’y mananahan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 14:23-29*

Pag-ibig at katapatan kay Hesus ang mga kundisyon para sa katu-paran ng kanyang panga-kong siya at ang Ama ay mananatiling kasama ng kanyang mga disipulo at magsusugo sa kanila ng Espiritu Santo.

P—Sumainyo ang Panginoon!

B—At sumaiyo rin!

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad,

“Ang umiibig sa akin ay tutupad ng aking salita; iibigin siya ng aking Ama, at kami’y sasakanya at mananahan sa kanya. Ang hindi umiibig sa akin ay hindi tumutupad sa aking mga salita. Hindi akin ang salitang narinig ninyo, kundi sa Amang nagsugo sa akin.

Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito samantalang kasama pa ninyo ako. Ngunit ang Patnubay, ang Espiritu Santo na susuguin ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpa-paalaala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.

Kapayapaan ang iniwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo; hindi ito katulad ng ibinibigay ng sanlibutan. Huwag kayong mabalisa; huwag kayong matakot.

Sinabi ko na sa inyo, ‘Ako’y aalis, ngunit babalik ako.’ Kung iniibig ninyo ako, ikagagalak ninyo ang pagpunta ko sa Ama, sapagkat dakila ang Ama kaysa akin. Sinasabi ko na ito sa inyo bago pa mangyari upang, kung mangyari na, kayo’y manalig sa akin.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasama-

han ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Bunsod ng pananalig na ang kapayapaan ay kaloob ng Diyos at bunga ng pagsisikap ng tao, idalangin natin ang mahalagang kaloob na ito:

B – Panginoong Hesus, ipagkaloob mo sa amin ang iyong kapayapaan!

* Para sa Simbahan, ang Katawang Mistiko ni Kristo: Nawa’y maging daan siya ng pagkaka-sundo at pagtutulungan ng mga tao. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, mga obispo, at mga pari: Nawa’y sila ang maging kinatawan ng pagmamahal ni Kristo sa ating mundong nababalot ng pagkamakasarihan at kawalang-malasakit. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga bansang nasa gitna ng digmaan: Nawa’y maisip ng mga pinuno nila ang kawalang-saysay ng labanan at magsimula ng tapat na pakikipag-ayos para sa ikabubuti ng lahat. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga mag-anak na pinaglalayo ng inggitan at hidwaan: Nawa’y maunawaan nilang tanging pagpapatawaran ang makapag-babalik ng minimithing kapayapaan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa bawat isa sa atin at sa mga mahal natin sa buhay: Nawa’y tulad ni San Francisco de Asis, tayo’y maging kasangkapan ng kapayapaan ni Kristo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat: upang sa pamamagitan ng paggawa, ang bawa’t isa ay makapag kamit ng tunay na tagumpay, at bawa’t pamilya ay maitaguyod sa dangal at ang lipunan ay lumago sa diwa ng tunay na pagkatao ayon sa kalooban ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoong Hesus, ipaunawa mo sa amin na sa pagtalima sa iyong salita, kami’y magiging kasangkapan ng iyong kapayapaan sa mundo at sa gayo’y magmana

ng Kaharian ng Kapayapaan kung saan ka nabubuhay at naghahari magpasa walang hanggan.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, paakyat mo sa iyong piling sa kalangitan ang aming mga panalangin ng haing mga alay upang ang mga pinagindapat mong gawing dalisay ay maging marapat na makasalo sa piging ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Pagkabuhay V

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B – Itinaas na namin sa Panginoon!

P – Pasalamat natin ang Panginoon ating Diyos!

B – Marapat na siya ay pasalamat!

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang katawan ng Anak mong sa krus nabayubay ay handog ng pag-ibig na walang kapantay. Ito ang paghahaing ganap mong kinalugdan. Ito ang nilunggati ng dating pag-aalay. Ang buong sarili ng Anak mong si Hesus ay inihain sa iyo upang kami’y matubos. Siya ang dambana at paring naghahandog. Siya pa rin ang tupang handog na ibinukod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoon!

noong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B– Sa krus mo't pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kung ako ay mamahalin, mga utos ko'y tutupdin at sa inyo'y susuguin Patnubay sa inyong piling. Aleluya ay awitin!

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa pagkabuhay ng iyong Anak ay

papakinabangin mong lagi sa kanyang lakas bilang bungang masagana ng dulot mong pagliligtas sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik sandali.)

–Nawa'y maging instrumento kayo ng pagkakaisa at pagtutulungan sa inyong pamayanan.

B– Amen!

P–Nawa'y lagi ninyong ipakita ang inyong pagmamahal sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos.

B– Amen!

P–Nawa'y ang inyong mga puso ay laging masunurin sa mga pahiwatig ng Banal na Espiritu.

B– Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B– Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B–**Salamat sa Diyos!**

Paanyaya, Pangako, Pag-Ibig, Pag-asa

Kalakbay at Katoto

Puede nating bigyang-buod ang mga pagbasa sa araw na ito sa apat na salita: paanyaya, pangako, pag-ibig, at pag-asa. Sa unang pagbasa, narinig natin kung paano ipinagtanggol nina Pablo at Barnabas ang mga hentil (pagano) na sumampalataya kay Kristo. Bagama't pinangunahan ito ng isang matinding diskusyon (o alitan) sa pagitan ni Pedro at ni Pablo, ang pangakong pangkalahatang kaligtasan ng tanan ang siyang naghari sa wakas. Ang mahalaga ay ang pagkilala at pagsampalataya kay Hesus. Ang mga kagawiang kultural ng mga Judio ay hindi siyang pangunahing pagpapahalaga ng isang kristiyano. Tanging mga pinakamahalagang gawain lamang ang ipinataw ni Pablo sa mga bagong sapi kay Kristo.

Ang ikalawang pagbasa ay isang matulaing paglalarawan ng isa pang pangako ng Diyos:

ang bagong langit at bagong lupa na binanggit na noong nakaraang Linggo. Ang banal na siyudad ng Jerusalem ay isinalarawang bumababa mula sa kalingitan, na nababalot ng mga mahalaga at mararangyang mga bato at kristal. Iisa ang pinupuntirya ng mga sagisag na ito . . . Ang Diyos ay ipinapakitang tumutupad at tutupad pa ng kanyang pangako. At ang buod ng kanyang pangako ay may kinalaman sa ganap na pagpapanibago na dulot ng kanyang gawang pagliligtas. Ang pangakong hantungan ng bayan ng Diyos ay may kinalaman sa isang panibagong takbo ng panahon at buhay ng mga nabubuhay nang tapat sa Diyos. Ganap na kaliwanagan ang babalot sa lungsod na nabanggit. Masasabi nating ang ikalawang pagbasa ay pangakong tigib ng pag-asa.

Ang ebanghelyo naman ay umiikot sa isang paanyaya at isang pangako. Anyaya ng



**WORD AND LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

Diyos na tayo ay mabuhay sa pag-ibig: “*sinomang nagmamahal sa akin at sa aking salita ay mama-halin rin ng aking Ama.*” Ngunit ang paanyaya at pangako ay tumutuon sa dalawa pang mahalagang pangako: pag-ibig ng Ama at ng Anak, at ang pag-papadala at pagdating ng Espiritu Santo.

Iisang kataga ang iniwan sa aking guniguni ng mga pagbasang ito . . . pananahan. Ibang klase ang ating Diyos. Hindi lamang siya manlilikha. Hindi lamang siya mapagmahal. Siya ay lahat ng ito, at higit pa. Siya ay puno ng pangako. At ang pangako niya ay tunay at buhay. Hindi siya isang Diyos na nananatili sa alapaap. Siya ay Diyos na nakikipamayamayan. Siya ay Diyos na nakikipanahan sa piling

natin. At bago pa man siya lumisan at umakyat sa langit, nagbitaw siya ng pangako ng pag-asa. “*Ang parakleto, ang Banal na Espiritu, na isinugo ng Ama sa aking ngalan, ay magtuturo sa inyo ng lahat at magpapaalaala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.*”

Ibang klase ang ating Diyos. Naghatid siya ng paanyaya sa atin. Pinagkalooban tayo ng pangako. Tinupad niya ang kanyang pangako sa pagkaloob ng pag-ibig. Bagma’t lumisan, nag-iwan siya ng dahilan upang manatili ang pag-asa. At higit sa lahat, pinatunayan niya na ang ating pag-asa ay hindi mauwi sa kawalan. Nakipamayamayan siyang lubusan sa atin. **Nakipanahan siya sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo.**

Protagonists
OF THE **CHRISTIANIZATION**
OF THE PHILIPPINES
Limited Edition

Available Now!!!
Word and Life Publications

P 2,500.00
(A Set of Four Books)

Word And Life Publications
Tel. Nos. (632) 8894-5401 • 8818-8636
8845-1792 • 0917-6295485
E-mail: wordandlifepublications@gmail.com

Click our **QR CODES** for our online shops at **Shopee** and **Lazada**.

 